

Nabawasan ang oras ng trabaho, may sakit o walang trabaho dahil sa Coronavirus?

Daan-daang libong taga-Washington ay ang nabawasan ang oras ng trabaho, may sakit o walang trabaho dahil sa pagkalat ng sakit na dulot ng Coronavirus (COVID-19) Mayroong tulong na available para sa iyo at iyong pamilya sa krisis na ito. Suriin ang [Grapiko ng Mga Benepisyo](#) na ito para makita kung anong mga programa ng estado ang maaaring available sa iyo.

Kwalipikado ba ako para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho?

Lalong mas madaling maging kwalipikado ngayon dahil sa mga pagbabago ng estado at pederal na pamahalaan simula ng pagkalat ng virus. Mas maraming benepisyo ang available sa marami pang tao, kasama ang mga taong na pansamantala (part-time) ang na nagtatrabaho, may sariling hanapbuhay o mga independiyenteng kontratista o nabawasan ang oras ng trabaho o may sakit. Alamin kung kwalipikado ka sa pamamagitan ng [pagtingin sa listahang ito](#).

Magkano ang maaari kong matanggap?

Nagbabago-bago Nag-iiba ito, at hindi mo malalaman nang tiyak hanggang sa mag-apply ka. Kasama sa CARES Act (Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security Act o Bbatas para sa Ppagbibigay ng Tulong, Aayuda, at Pang-ekonomiyang Seguridad sa Ppanahon ng Coronavirus) ng pederal na pamahalaan ang karagdagang \$600 kada linggo para sa lahat na kwalipikado para sa mga benepisyo (maliban sa mga nasa programa ng pagsasanay).

Kailan ako makakatanggap ng tulong?

Mas mataas ang pangangailangan para sa kawalan ng trabaho kaysa sa dati, at nagsisikap ang pangkat sa Departamento ng Seguridad sa Trabaho (Employment Security Department) ng Washington para pabilisin ang oras ng pagproseso para sa iyo. Narito ang pinakamahalagang balita: matatanggap mo ang lahat ng mga kabayaran na dapat bayaran sa iyo, simula pa sa petsa kung kailan ka naging kwalipikado. Ibig sabihin nito ay kung hindi ka nakapag-apply dahil hindi mo makausap ang departamento, makakakuha ka ng mga naantalang pagbayad (back payment).



Paano kung huminto ako sa pagtatrabaho para mag-alaga ng kapamilya na may COVID-19 o walang pasok ang mga anak ko at wala akong serbisyo sa childcare (pangalaga sa bata (childcare))?

Dahil sa mga pinalawak na benepisyo na available sa panahon ng pagkalat ng sakit na COVID-19, maraming sitwasyon ang kwalipikado ka para sa mga benepisyo sa maraming sitwasyon. Kasama sa mga halimbawa ay:

- Kailangan mong manatili sa bahay para alagaan ang iyong mga anak dahil sarado ang kanilang mga paaralan.
- Nagsara ang iyong employer, at hindi ka makapagtrabaho mula sa bahay.
- Hindi ka makapunta sa iyong lugar ng trabaho dahil sa kautusan na "Stay Home, Stay Healthy" ("Manatili sa Bahay, Manatiling Malusog") at hindi opsiyon ang teleworking (pagtatrabaho mula sa ibang lugar).
- Nabawasan ang mga oras mo sa trabaho dahil sa mga epekto ng COVID-19.
- Isa kang part-time na manggagawa na karaniwang hindi kwalipikado para sa kawalan ng trabaho.
- Ikaw ay may sariling hanapbuhay o isang independiyenteng kontratista.



Nagtatrabaho ako para sa sarili ko at hindi ako naging kwalipikado dati. Ano ang gagawin ko ngayon?

Ang mga manggagawang may sariling hanapbuhay, tulad ng mga independiyenteng kontratista, ay kwalipikado kung hindi ka makapagtrabaho dahil sa virus.

Bago mag-apply, [i-download ang checklist na ito](#), na makakatulong sa iyo sa proseso ng aplikasyon at maiwasan ang pagkakaroon ng mga karaniwang pagkakamali na magpapabagal sa iyong aplikasyon.



Ginamit ko ang mga aking mga benepisyo sa kawalan ng trabaho noong nakaraang taon. Kwalipikado pa rin kaya ako?

Oo, maaari kang maging kwalipikado muli o maging karapat-dapat para sa pagpapahaba ng 13 linggo sa iyong nakaraang claim kung nasa loob ka pa rin ng taon ng benepisyo.



Isa akong hindi dokumentadong manggagawa na walang dokumentasyon. Kwalipikado ba ako para sa tulong?

Dapat mayroon kang awtorisasyong magtrabaho sa Estados Unidos upang maging kwalipikado para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho at mga pinalawak na benepisyo sa kawalan ng trabaho. Gayunman, hindi kinokonsidera ang katayuan sa imigrasyon para sa pagiging kwalipikado sa programa ng Binabayaranang Pampamilya at Medikal na PaglibanBayad na Pagliban para sa Pamilya at Medikal na Kadahilanan (Paid Family and Medical Leave). Kaya, kung ikaw ay may malubhang sakit o nag-aalaga ng may malubhang sakit, maaaring makatulong ang programang ito. Matuto pa sa paidleave.wa.gov o tometiempo.org.

Ang estado ay naghanda rin ng isang website (coronavirus.wa.gov) para sa pagkalat ng coronavirus na may mga mapagkukunan, tulong at ayuda sa panahon ng krisis na ito. [Ang Mga Madalas Itanong \(Frequently Asked Questions, FAQ\)](#) ay maaari ding makatulong.

? Paano ako mag-a-apply para sa insurance sa kawalan ng trabaho ?

Mayroong dalawang paraan para mag-apply: online o sa pamamagitan ng telepono. Ang website (esd.wa.gov) ang pinakamabilis na paraan para mag-apply at makakuha ng mga benepisyo gamit ang desktop o laptop computer. Maaari ka ring gumamit ng mobile device, pero medyo mas mahirap na mag-navigate doon. Para mag-apply sa pamamagitan ng telepono, tumawag sa 800-318-6022.

Bago ka mag-apply, [i-download ang checklist ng aplikasyon na ito](#).

Napakaraming tumatawag sa ngayon, kaya maaaring mahirapan kang makipag-ugnayan sa karaniwang oras ng negosyo. Magkakaroon ka ng mas magandang pagkakataon sa pag-apply sa pamamagitan ng telepono kung tatawag ka pagkatapos ng 6 p.m. at bago ang 7 a.m. Kung naantala ang iyong pag-apply, dapat mong malamang matatanggap mo ang lahat ng mga kabayaranang dapat bayaran sa iyo, simula pa sa petsa kung kailan ka naging kwalipikado.

Para sa mga pangkalahatang tanong, tumawag sa 833-572-8400

? Ano ang mayroon sa proseso ng aplikasyon?

Maaaring nakakalito ang proseso, kaya mahalagang suriin ang impormasyon sa website at gamitin ang mga checklist at video para makatulong sa iyong makapaghanda. Magiging lalong madali ito. Mayroong ilang hakbang na kailangan mong sundin, at kung hindi ka karaniwang kwalipikado para sa kawalan ng trabaho, dahil nagtatrabaho ka nang part-time ang trabaho mo, may sarili kang hanapbuhay o hindi ka makapagtrabaho dulot ng pagsara ng paaralan ng iyong mga anak, kakailanganin mo munang mag-apply para sa regular na kawalan ng trabaho at matanggihan bago mag-apply para sa mga pinalawak na benepisyo sa kawalan ng trabaho (na tinatawag na tulong para sa kawalan ng trabaho sa pandemya (pandemic unemployment assistance, o PUA)).

? Paano ako makakasabay sa lahat ng mga pagbabagong nangyayari?

Ina-update ang aming website kapag nagkakaroon ng bagong impormasyon. Maaari ka ring mag-sign up para sa mga alerto sa email sa Ingles sa website [dito](#).

[Matuto pa sa esd.wa.gov](https://esd.wa.gov)